1

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kwarter 1
Linggo
8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Makabansa 1**
**Kwarter 1: Linggo 8**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte - Carpio
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat**: | Mary Anne S. Fuaso, Arnel S. Rosende, Armando S. Vinoya, Archie E. Año |
| **Tagasuri:** | Cherry Gil J. Mendoza, Jayson Tadeo, Jocelyn Tuguinayo |
| **Tagasuri ng WIka:** | Ellen Gelisanga-De la Cruz, Joyce V. Arce |
| **Tagaguhit:** | Jason O. Villena, Fermin M. Fabella |
| **Tagalapat:** | Rejoice Ann C. Mananquil, Paul Andrew A. Tremedal, Jecson L. Oafallas |

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Markahan: | 1 |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Napahahalagahan ang indibidwalidad ng bawat tao | | | |
| *D. Mga Layunin* | Natutukoy ang sariling kakayahan | Napahahalagahan ang pagpapaunlad ng sariling kakayahan at mga interes sa pamamagitan ng iba't ibang gawain | Naipamamalas ang mga natatanging kakayahan o interes sa pamamagitan ng pagtatanghal | Naipamamalas ang mga natatanging kakayahan o interes sa pamamagitan ng pagtatanghal |
| **II. NILALAMAN/ PAKSA** | Ang Natatanging Kakayahan | Pagpapaunlad ng Sariling Kakayahan at mga Interes sa pamamagitan ng iba't ibang Gawain | Pagtatanghal ng nga Natatanging Kakayahan o Interes | Pagtatanghal ng mga Natatanging Kakayahan o Interes |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Sibika at Kultura Batayang Aklat 1 | Pilipinas: Bansang Maganda Batayang Aklat 2. 2000 | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | papel, lapis at kwaderno, mga larawan | papel, lapis at kwaderno, mga larawan | papel, lapis at kwaderno, mga larawan | papel, lapis at kwaderno, mga larawan |

| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **Balik-aral:**<br><br>**Mga Tanong:**<br><br>1. Ano-ano ang mga karapatan ng bawat bata?<br><br>2. Ano-ano ang mga tungkulin na napapaloob sa bawat karapatan?<br><br>**Pagganyak:**<br><br>Ipakita ang mga larawan ng mga tao na gumagawa ng iba't ibang gawain tulad ng pagsayaw, pag- awit, pagguhit, paggamit ng instrumento, at iba pa.<br> | **Pagganyak:**<br><br>Magpakita ng mga larawan ng mga kilalang tao na nagtagumpay sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kanilang sariling kakayahan at mga interes.<br><br>**Mga Tanong:**<br><br>1. Sino-sino ang mga nasa larawan?<br><br>2. Ano ang kanilang mga talento o kakayahan na nakatulong sa kanilang tagumpay?<br><br>3. Ano kaya ang kanilang ginawa upang mapaunlad ang kanilang kakayahan?<br><br>4. May pagkakatulad ba ito sa iyong paraan ng pagpapaunlad? Ano-ano ang mga ito? | Paghahanda sa gagawing "*Talent Showcase*". | Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kanilang mga puna o obserbasyon sa ginawang pagtatanghal ng naunang grupo. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| |    | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang nakikita ninyo sa mga larawan?<br>2. Alin sa mga larawan ang kaya o interesado kayong gawin? | | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Layunin ng Aralin:<br>Natutukoy ang sariling kakayahan | Layunin ng Aralin:<br>Napahahalagahan ang pagpapaunlad ng sariling kakayahan at mga interes sa pamamagitan ng iba't ibang gawain | Layunin ng Aralin:<br>Naipamamalas ang mga natatanging kakayahan o interes sa pamamagitan ng pagtatanghal | Layunin ng Aralin:<br>Naipamamalas ang mga natatanging kakayahan o interes sa pamamagitan ng pagtatanghal |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Magpakita ng mga larawan ng iba't ibang kakayahan ng mag-aaral katulad ng mga sumusunod na salita.<br>• pagsayaw<br>• pagguhit<br>• pagkanta | Magbigay ng isang maikling pagpapaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng pagpapaunlad ng sariling kakayahan at interes. | Basahin / ipakita ang *rubric* sa pagmamarka at ipaliwanag ito.<br>Pagkatapos, ibigay ang mga tagubilin sa mga mag- aaral ukol sa gagawing pagtatanghal. | Basahin / ipakita ang *rubric* sa pagmamarka sa pagguhit.<br>Pagkatapos, ibigay ang mga tagubilin at paghahanda ng mga kagamitang gagamitin. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Piliin ang larawan na nagpapakita ng inyong natatanging kakayahan.<br><br>Isulat sa pisara ang mga salitang naglalarawan ng mga kakayahan na pinili ng mga mag-aaral.<br><br>Basahin ang mga nakasulat sa pisara at ipaulit ito sa mga mag-aaral.<br><br>Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap. | **Mga Tanong:**<br><br>1. Naranasan mo na bang itanghal ang iyong kakayahan o interes?<br><br>2. Maaari mo bang ilahad ang iyong naging karanasan? | **Tandaan:**<br>Gumawa ng rubrik na siyang magiging batayan ng mga mag-aaral sa pagsulat at pag-awit. | **Tandaan:**<br>Gumawa ng rubrik na siyang magiging batayan ng mga mag-aaral sa pagsulat at pag-awit. |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ibahagi ang inyong natatanging kakayahan.<br><br>Ito ay maaaring isang talakayan sa pangkat o isahang pagsasalita sa harap ng klase. | Itala sa pisara ang mga sagot ng mga mag-aaral.<br><br>Ipabasa sa kanila ang pamamaraan sa pagpapaunlad ng kanilang mga kakayahan at interes na naisulat sa pisara. | Ihanda sila at hikayating paghusayan ang gagawing pagtatanghal sa klase.<br><br>Atasan din ang ibang grupo na manood bilang pagsuporta sa naunang magtatanghal. | Pagtatanghal ng Ikalawang Pangkat<br>• Pagguhit |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ipanood sa mga mag-aaral ang bidyo tungkol sa “Natatanging Kakayahan”.<br><br>Maaaring humanap ng ibang bidyo. | Pagbasa ng tula:<br><br>Hiyas ng Talento<br><br>Tanghalang maliwanag,<br>talento'y inilalatag,<br>Awit at sayaw, puso'y<br>sumasayaw, | Pagtatanghal ng Unang Pangkat<br>• Pagkanta at Pagsayaw | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Mga Tanong:<br>1. Tungkol saan ang pinanood ninyong bidyo?<br><br>2. Ano ano ang mga talento na nabanggit?<br><br>3. Sa mga nabanggit na talento, alin sa mga iyon ang kaya mong gawin?<br><br>(Maaring ipagawa ang nabanggit na talento sa loob ng 30 segundo.) | Sining at agham, dunong ay tinatanghal,<br>Kuwento ng buhay, mundo'y hinaharap.<br><br>Paligsahan ng isip, talino'y ipinapakita,<br>Tibay ng katawan, palakasan ay tagumpay,<br>Interes at kakayahan, ating ibinabahagi,<br>Mundo'y namamangha, sa ating kinang. | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Tayong lahat ay pinagkalooban ng Dakilang Manlilikha ng iba't ibang talento o kakayahan. Dapat natin itong pangalagaan, paunlarin at ibahagi sa iba.<br><br>Ipabasa sa mga mag-aaral ang nakasulat sa pisara.<br><br>Pumili ng mag-aaral na magpapakita sa klase ng kaniyang talento. | Mga Tanong:<br><br>1. Tungkol saan ang tulang binasa/binigkas?<br><br>2. Sa tula, ano-ano ang mga gawain na maaring itanghal ang kakayahan at interes? | | Ipaskil ang mga nagawa ng mga mag-aaral sa pisara.<br><br>Bigyan ng pagkakataon ang ibang mga mag-aaral na tingnan ang nagawa ng kanilang mga kaklase. |

| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Tanong:<br>1. Kung ikaw ay may talento sa pagkanta, pagsayaw, at pagguhit, ano ang dapat mong gawin sa mga talentong ito?<br>2. Paano mo ibabahagi ang iyong talento o kakayahan sa ibang tao? | Tanong:<br><br>Ano ang iyong natutuhan tungkol sa pagpapaunlad ng sariling kakayahan at interes?<br><br>Hikayatin silang magbahagi ng mga plano o gawain para sa pagpapaunlad ng natatangi nilang mga kakayahan. | Matapos ang pagtatanghal ng unang pangkat, ibigay ang iyong puna. | Pagmamarka at ibigay ang puna sa mga mag-aaral.<br><br>Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral at ipabigay ang kanilang mga puna.<br><br>**Tandaan:** Opsiyonal ang pagbibigay ng puna ng mga mag-aaral. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | | Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang pangungusap ay nagsasaad ng tama at malungkot ☹ na mukha kung mali.<br>___1. Nagsanay sa pagguhit si Jose dahil sasali siya sa paligsahan.<br>___2. Sumasali sa patimpalak sa pagkanta si Miah at nag- eensayo pa lalo.<br>___3. Si Mario ay mahilig sumayaw pero nahihiya siyang ibahagi ito sa kaniyang mga kaklase. | Paalalahanan ang susunod na pangkat na magtatanghal o magpapakita ng kanilang talento na maghanda. | Mga Tanong:<br>1. Ano ang naramdaman mo noong nalaman mong magkakaroon ng pagtatanghal ng iyong talento at kakayahan?<br>2. Ilarawan ang iyong naging karanasan sa natapos na gawain.<br>3. Ano ang natuklasan mo patungkol sa iyong sarili?<br><br>**Tandaan:**<br>Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral. Hanguin sa kanila ang ideya o konsepto na ang bawat bata ay nagtataglay ng mga natatanging kakayahan at interes. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>____4. Pinagtatawanan si Ashley dahil hindi siya marunong sumayaw.<br><br>____5. Nagpapasalamat si Sarah sa talentong mayroon siya.</td>
<td></td>
<td>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng peer assessment.<br><br>Tandaan: Ang peer assessment ay opsiyonal.</td>
</tr>
<tr>
<td>Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)</td>
<td>Ilista sa papel ang taglay mong talento at paano ito mapauunlad.</td>
<td>Punan ang talaan sa ibaba ng mga interes at kakayahan ng bawat miyembro ng pamilya.<br><br>
<table>
<tr><th>Miyembro ng Pamilya</th><th>Talento at Kakayahan</th></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Mga Tala</td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni:

__________________________
Guro

Nirebyu ni:

__________________________
Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

__________________________
School Head